

CHAPTER ONE

Nagmamadaling pumasok si Claudia sa loob ng Live TV Studio A ng pinakamalaki at pinakasikat na television network sa Pilipinas. Kahit na halos tumatakbo siya, mabongga pa rin ang kanyang dating, hindi lamang dahil sa mamahaling kasuotan kundi dahil sa tikas at ere niya ng pagkaaristokrata. Lampas alas seis na ng gabi at nakapag-umpisa na ang programang magpopromote ng kanyang bagong produkto.

Sinundan siya ng maraming humahanga at naiinggit na tingin mula sa audience at artists habang patungo siya sa harap ng TV cameras para sa kanyang interview tungkol sa bagong produkto ng pinakamalaki niyang kliyente. Bukod sa napakaganda niya, maputi at matangkad din siya.

May kumpiyansa at suwabe ang kilos at paglakad niya. At the age of twenty-five, nakamtan na niya ang tagumpay sa kanyang propesyon. Siya rin ang pinakabatang Vice-President for Accounts Management ng pinakatanyag na advertising agency sa buong bansa. Hawak niya ang accounts

ng pinakamalaking kliyente ng kanilang kompanya. Beauty and brains ang madalas na bansag sa kanya ng mga nakakakilala sa kanya.

Hindi nakakapagtaka ito dahil striking talaga ang kagandahan ni Claudia Sanvictores Hizon. Kahit very businesslike at tailored ang mamahaling silk suit na suot niya, hindi pa rin maitago ang katuksu-tuksong hubog ng kanyang seksing katawan—mula sa kasariwaan ng kanyang umaapaw at nag-aanyayang dibdib hanggang sa mahahaba at makikinis niyang binti. Bale-wala naman sa kanya ang mga tinging ipinupukol ng mga tao sa kanya.

“Magandang gabi po sa lahat ng mga manonood. Mayroong magandang balita para sa inyo ang inyong paboritong cola company, ang *Popsy Soda Corporation*. Ngayong buwan na ito, kami’y mamimigay ng....” pasimula niya sa harap ng live studio audience.

Walang-sabit na ginanap ang live TV interview ng dalaga at natapos iyon sa loob ng kinse minutos. Very professional and natural ang pagsagot niya sa mga tanong ng male at female hosts ng pinakasikat na live TV program sa bansa. Hindi maitago ang malalagkit na tingin ng pagnanasa at pagmamalaki sa mukha ng lalaking host na si Chase Roxton kay

Claudia throughout the interview. Boyfriend niya ito; halos isang buwan pa lamang nang sagutin niya ito.

Maraming alok para mag-artista o magmodelo mula sa mga kilalang talent agents ang paulit-ulit niyang tinanggihan. Nag-iisa siyang anak at kilala ang pamilya niya bilang isa sa mga prominenteng tao sa alta-sosyedad. Labag sa kagustuhan ng mga magulang niya ang kanyang pagtatrabaho sa isang advertising agency.

Bakit hindi? Siya ang tanging tagapagmana ng business empire ng kanyang ama. Hindi na niya kailangang magtrabaho pero dahil sa independent spirit and determination na namana niya kay Mr. Hizon, hindi siya napigilan ng pamilya niya sa kanyang desisyon na magtatag ng karera sa advertising.

Marami siyang naging boyfriend—lahat ay mayayaman, may pinag-aralan at galing sa mabubuting pamilya ng lipunan. Marami na rin siyang pinaluha sa mga ito. Marami man ang nanliligaw sa kanya, hindi pa rin niya naranasan ang umibig. Tila ang elusive quality na ito ang naghahamon sa bawat lalaking makakilala sa kanya.

Pasakay na si Claudia sa kanyang bright red

BMW convertible nang mapansin ang nobyo na tumatakbo palapit sa kanya.

“Claudia, Sweetheart, wait up! Claudia! Wait!” nag-aagaw-hininga na sigaw ni Chase.

“Yes, what is it? Is there a problem?” nakangiting tugon niya.

“Gusto sana kitang kumbidahin tonight for a drink or dinner maybe?”

“Tonight? Uhhh... puwedeng some other time na lang, Sweetheart? I don’t feel up to it,” aniya, naghahanap ng lusot para tanggihan ang anyaya nito.

“Please. I have some important matters to discuss with you. It’s about promoting your client’s new product para sumikat iyon. Tiyak na mai-impress siya pati na big bosses mo.”

“ Well, if you assure me it’s really business you want to discuss...” pambibitin niya.

“I promise. Talagang business ang pag-uusapan natin. Iwan mo na lang ang sasakyan mo dito and we’ll take my car. I know this really fabulous restaurant with great music—”

“Sabi mo business. How about if I meet you at the lobby of *The Pen*... just for a drink. Take it or leave it,” nakangiting hamon niya.

“Okay, you’re the boss. I’ll see you there then.”

Sumakay na siya sa kanyang kotse. Inarangkada niya iyon palabas ng compound habang nakatulalang sinundan ng tingin ni Chase ang kanyang papalayong sasakyan.

NAUPO SA ISANG CORNER TABLE sa lobby ng *Peninsula Manila* si Claudia at nag-order ng Long Island iced tea. Nagsusulat siya sa organizer niya nang dumating si Chase. Nagulat siya nang makitang may kasama itong makisig na lalaking kahawig nito ngunit hindi niya kilala.

Di niya maipaliwanag ang naramdamang biglang pagkaba at pagbilis ng tibok ng kanyang puso nang mapatitig sa estranghero. Guwapo ito, matangkad at maporma. Sanay siya sa mga tingin ng mga lalaki at walang epekto sa kanya ang malalagkit na titig ng mga ito. Ngunit ngayon ay nanibago siya sa naramdamang pag-init ng kanyang kabuuan at ang di-maipaliwanag na feeling na may lumuluksong mga gamu-gamo sa kanyang sikmura. Parang may paulit-ulit na bumubulong sa kanya na kailangan niyang lumayo kaagad dahil ‘madilim at peligroso’ ang lalaking kaharap niya.

Chase kept her in suspense as to the identity

of his companion while he ordered drinks and finger foods. Ipinakilala lang nito ang kasama nang dumating na ang kanilang order.

“Claudia, Sweetheart, this is my younger brother, Jake. Kararating lang niya today from San Francisco,” pakilala nito sa estranghero.

“Hello, Claudia. It’s a pleasure to meet you,” pangungumusta ni Jake in a deep and sensuous drawl.

“Chase, Honey, wala kang na-mention sa akin na may kapatid ka pala,” malambing na sita niya sa katipan.

“Noong nag-divorce ang parents namin, Jake went to live with my father. Lumaki kami in separate households,” paliwanag nito.

Binalingan niya ang kapatid nito. “Welcome to the Philippines, Jake. How long do you plan to stay?”

“I haven’t decided yet. Maybe indefinitely,” anito habang inaabot ang kamay na inilahad niya.

Nagkamay ang dalawa. Pakiramdam ni Claudia ay para siyang isang specimen sa ilalim ng microscope na masinsinang kinikilatis ni Jake. Tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa habang nakakapaso ang seductive na pagkakahawak nito

sa kanyang kamay. For the first time in her life, naramdaman niya ang sobrang pamumula ng kanyang mukha at pag-iinit ng katawan sa pagtitig nito sa kanya. Nervously, she pulled her hand away from his hold and avoided his intensely disturbing stare.

Bakit ganito ang epekto sa kanya ng lalaking ito? pagtataka ng dalaga. Ngayon lang niya ito nakilala ngunit sa paraan ng pagtingin nito sa kanya ay parang kilala na nito ang pinakamalalim na nilolooob ng kanyang kaluluwa. Napapikit siya. Pakiramdam niya ay hindi siya makahinga; para siyang nalulunod sa tingin ni Jake.

“Claudia, Sweetheart, are you feeling all right?” concerned na tanong ni Chase.

“Y-yes, of course. I’m fine. Just a little tired from the TV interview.” Huminga muna siya nang malalim bago nagpatuloy. “So, what promotions do you want to discuss with me for my client’s new product?” tanong niya, trying to sound as professional and unaffected as possible.

“Well, Jake here is a recording artist. He has a couple of hit songs right now at magandang pagkakataon ito for your client to contract Jake para simultaneous ang pag-promote ng latest product nila

sa pagsikat niya.”

“I see. That’s very interesting. Siguro mas mabuti if you give us a proposal of what package you... and Jake... have in mind para madaling ma-evaluate ng client ko,” poised na sagot niya. Sinisikap niyang iwasan ang mainit na titig ng kapatid ng nobyo.

Nasiyahan si Chase. “Great! Can you arrange a meeting between us and your client within the week to discuss the details?”

Tumango ang dalaga. “I’ll set it up as soon as I receive your written proposal at na-discuss ko na sa client ko. Kung mapapadala n’yo ang proposal by tomorrow, I can get back to you by the end of the week.” She tried to look calm kahit na kumakabog ang dibdib at pakiramdam niya ay sumisirko rin ang kanyang bituka.

“So tell me, papaano kayo nagkakilala ng big brother ko?” singit na tanong ni Jake.

“Nothing out of the ordinary. Nag-promote ako ng bagong produkto sa show niya and he asked me out,” sagot niya nang bumaling dito.

“Ang tagal kong niligawan si Claudia,” kuwento ni Chase. “Actually, she didn’t even go out with me that first time I asked her out. And the competition was really tough. Ang daming lumiligaw sa kanya.

Pinahirapan niya ako nang husto, but she's worth the wait. Don't you agree, Little Brother?"

"Yes, I agree. She's definitely worth the wait," sang-ayon ni Jake habang malalim na tinititigan ang babae.

Napalunok siya. "How can you say that? We've only just met. Hindi mo pa ako kilala."

"We probably met in a previous life. Ipapaliwanag ko sa iyo one of these days," pangako nito.

Palihim siyang humugot ng hininga. Bumaling siya sa nobyo. "Chase, I hope you don't mind but kailangan ko nang magpaalam. I'm so tired. Papasok pa ako nang maaga sa office bukas."

Kaagad inubos ni Claudia ang iniinom at na-convince niya ang kasintahan na mas mabuting makauwi siya nang maaga. Hindi niya maamin na apurado siyang matakasan ang maiinit na tingin ni Jake. Idinahilan niyang mabuting mapag-usapan ng magkapatid ang proposal na gustong ibigay ng mga ito sa kliyente niya nang hindi siya kaharap para di makaapekto at makaimpluwensya sa mga detalye niyon.

"Ihahatid na kita sa kotse mo," ani Chase.

"Huwag na. I'll be all right. Good night, Honey."

Hinalikan siya nito sa pisngi. Nang ilahad niya ang kamay sa kapatid nito para magpaalam, kinuha iyon ni Jake at dahan-dahan siyang hinila palapit dito habang inilalapit ang bibig sa kanyang tainga.

“Sa akin ka nararapat... it’s meant to be. Huwag mong lalabanan ang nararamdaman mo,” pabulong na sabi nito.

Nanginig at nangilabot ang buong katawan niya sa narinig. Lumayo siya sa lalaki. Pakiramdam niya ay nasa lalamunan ang kanyang puso; natatakot siya at hindi mapakali sa sinabi nito. Mabilis siyang lumabas ng hotel at tumakbo papuntang sasakyan niya.

Sinundan siya ng tingin ni Jake. May lihim na ngiting naglalaro sa jade green eyes at seductive na mga labi nito.

CHAPTER TWO

Nasorpresa si Claudia the very next day nang twenty minutes bago sumapit ang lunchtime ay sabihin ng kanyang sekretarya na hinihintay at sinusundo na siya ng kanyang ubod-guwapo at macho na ka-date for lunch. Nataranta siya dahil wala siyang matandaang lunch appointment para sa araw na iyon at marami siyang nakatambak na trabaho sa kanyang mesa.

“Wala akong ka-date for lunch today. Sino daw ang preskong lalaking iyan? Nas’an daw siya?”

“Nasa labas; naghihintay sa reception area. Hay, Miss Claudia! Saksakan siya ng guwapo and he kind of looks familiar. Kapatid ’ata siya ng boyfriend mo. He said his name was Jake Roxton,” kinikilig na tugon nito.

Si Jake! Lalo siyang nataranta. “Sabihin mong wala ako... that I’m in a meeting!” bulalas niya.

“Ano! Naku, Miss Claudia! Hindi ko talaga kayo maintindihan. How can you turn down such a gorgeous hunk of a man?” di-makapaniwalang tanong nito.

“Suzie, may boyfriend na ako. Type mo siya? Sige, ikaw na lang ang sumama sa kanyang mag-lunch,” panunukso niya.

“Kung puwede lang sanang mangyari ’yan. Ang guwapo niya, hay! Bagay na bagay kayong dalawa. Nakakakilig!”

“Tigilan mo nga ako, Suzie. Basta, sabihin mong nasa meeting ako. I’ll sneak out the back way para hindi niya ako mahuli. Kung yayain ka niyang mag-lunch, eh, di mabuti. Go for it! Iyong-iyong na siya with my blessings,” natatawang sabi niya habang palakad siya papuntang pinto ng fire escape sa likuran ng office.

LUMUNDAG ANG PUSO NI CLAUDIA nang buksan niya ang pinto ng fire escape only to come face to face with Jake Roxton. He was calmly leaning against the railing—blocking her escape with the most charming and confident smile on his lips.

“What are you doing here? How did you know where...?” Ninenerbyos na lumingon siya sa kaliwa at kanan, ipinagdadasal na may mangyaring milagro para makahanap ng daan to escape the inevitable confrontation with this very disturbing man.

“Ready for lunch?” bulong nito habang inilalapit

ang mukha sa kanya. She pressed her back against the wall to avoid him but to no avail dahil mas lalo nitong idinikit ang katawan sa kanya. Hinaplos nito ang kanyang braso habang bumubulong, “Ano’ng kinatatakutan mo, Claudia? I promise I won’t bite. At least, not right now.”

Napapikit siya sa tindi ng tingin nito. Lumunok siya at nanginginig na nagmakaawa rito.

“Please, Jake... I can’t... you mustn’t.... Wala naman tayong pinag-usapan about lunch today. Besides, marami akong trabahong nakatambak sa desk ko. Please stop looking at me like that. Baka may makakita sa atin.” Ninenerbyos na dumikit siya sa pader habang lalo pang palapit sa kanya ang mukha ng binata.

Dahan-dahan itong napatingin sa katakamtakam na dibdib niya. Kapwa umaapoy ang mga katawan nilang sabik na sabik maglapat. Bumilis nang bumilis ang kanyang hininga habang tinutukso siya ng haplos ng kamay ni Jake... sa tainga, sa pisngi, sa labi habang dahan-dahang pababa sa maputi, at malusog at umaaalong dibdib niya.

Ginulat sila ng malakas na tunog ng pagbukas ng pinto ng fire escape sa gawing likuran nila. Isang grupo ng mga kasamahan ni Claudia sa advertising

agency ang bumababa para mag-break sa tanghali. Pasimpleng lumayo ang binata sa kinatatayuan niya.

“Sige na, have lunch with me. I know this great place. Maganda ang ambience at masarap ang pagkain doon,” pagkumbinsi nito, tilting her chin upwards para mapilitan siyang tumingin sa walang-katapusang pagpalit ng green hues ng mga mata nito.

“H-hindi puwede. I don’t think I should go anywhere with you. Please leave. Alam ba ni Chase na pupuntahan mo ako dito sa office?”

Hindi nito pinansin ang kanyang sinabi. “Hindi ako aalis dito until you say you’ll have lunch with me. Let’s go, Claudia. It’s useless resisting,” nakangiting sabi nito. Ikinawit nito ang braso sa baywang niya at marahan siyang iginiya papunta sa parking lot.

“Mangako ka munang... you’ll stop looking at me like that. Hindi ko gusto ang mga tingin mong ganyan. It makes me uncomfortable. And stop flirting with me! Tandaan mong girlfriend ako ng kapatid mo,” paalala niya.

“Tumatalab ba? O sige, sige ... I promise for the next two hours na hindi kita pipilitin sa anumang bagay na ayaw mo. Satisfied?” patuksong sagot nito

sa pagdududa niya.

Tahimik na tumango si Claudia. Napilitan siyang sumama kay Jake dahil hindi niya malabanan ang malakas na attraction na nararamdaman niya para rito.

KUMAIN ANG DALAWA HABANG

NAGLALAKAD sa tabing-dagat. Bumili sila ng malalaking sandwiches sa isang mataba at masayahing hotdog vendor. Poised and refined ang paglakad at pagkain ni Claudia sa sandwich na hawak niya—di-maipagkakaila ang breeding at kalidad ng kanyang edukasyon. Ibang-iba si Jake sa lahat ng mga lalaking nakilala niya sa buong buhay niya. Wild, headstrong and dangerous were the adjectives that would best describe him.

Tahimik siya habang hinahaplos ng simoy ng hangin ang buong katawan niyang puno ng kaba dahil sa katabi niyang binata. Sa paligid nila, maraming nag-e-enjoy na mga bata at matanda. May mga naglalaro, nagsi-swimming, nag-jo-jogging, nag-e-exercise. Mayroon ding mga magnobyong namamasyal, ang iba ay naglalalambingan.

Tahimik nilang pinanood lahat ng taong kanilang nadadaan.

“Relax naman diyan. Enjoy the fresh sea air.

Good boy naman ako, ba’t parang kabadong-kabado ka pa rin?” Saglit itong nag-isip. “Alam ko na, let’s go swimming. Out-of-town tayo. Take the rest of the day off from work.”

Napatingin siya rito. “Nababaliw ka na ba? I can’t do that. At paano tayo makaka-swimming, wala naman tayong dalang swimsuit.”

“Hindi na kailangan iyon; istorbo lang ang pagsuot ng swimsuit. And yes... baliw na baliw ako sa iyo. Haven’t you noticed?” Hindi siya sumagot. “Masuwerte ang kapatid ko pero mas masuwerte ako because I know you’re *not* in love with Chase. And I could feel that you’d fall in love with me,” kumikislap ang mga matang tukso nito.

Hindi na niya matagalan ang makasama ito. “Jake, kailangan ko talagang makabalik sa office. Please, let’s go,” pagmamakaawa niya.

Humiga ito sa buhangin at ipinikit ang mga mata nito. “Sige, hanapin mo muna ang car keys sa katawan ko. Kapag nahanap mo, ibabalik kita agad sa office mo,” natatawang hamon nito.

Inis na inis si Claudia. Padabog na kinapa niya ang dibdib ng binata sa paghahanap ng susi. Bumaba ang kanyang mga kamay sa mga bulsa ng

pants nito.

Napatawa ito nang malakas, nakikiliti sa paghahanap niya sa nakatagong susi. Bumawi ito at kiniliti ang dalaga. Napatili siya at napatawa rin. Gumulong na rin siya sa buhangin hanggang pumatong ito sa ibabaw ng nanunukso niyang alindog.

Sabay silang natigil sa pagtatawa nang magtama ang kanilang mga paningin. Parang tumigil ang oras habang tahimik na nangusap ang kanilang mga mata. Para siyang mabibingi sa lakas ng kabog ng dibdib niya habang dahan-dahang bumababa ang mukha ni Jake hanggang sa angkinin ng bibig nito ang basa, bukas at katuksu-tuksong labi niya.

Umikot ang buong mundo niya. Nagliyah ang katawan niya at pinantayan ang apoy ng pangangailangan nito para sa kanya. Mariin siyang hinalikan nito hanggang sa mawala ang determination niyang makawala sa mga haplos nito.

“Claudia, buong gabi akong hindi makatulog sa kaiisip sa iyo. And when I finally fell asleep, I dreamt about you. Do you feel it? I feel like we were together in so many previous lives. Mag-soulmates tayo. We belong together, Claudia,” bulong nito habang hinahaplos at hinahagkan siya.

Biglang natauhan ang nadadarang na si Claudia nang maramdaman niyang nakakarating na sa maseselang bahagi ng kanyang katawan ang haplos at halik ng lalaki. Napakiramdaman niyang nakabukas na ang mga butones ng kanyang blusa sa parteng dibdib at ang palda niya ay nakalislis na sa kanyang baywang.

“Jake, huwag! Stop it! Bitiwan mo ako!” Bigla siyang nanlaban at pilit na tinulak palayo ang kaniig para makawala sa mahigpit nitong yakap. Binitiwang siya nito. Mabilis siyang tumakbo papunta sa sasakyan nila.

Wala itong nagawa kundi ang tahimik siyang ihatid pabalik sa kanyang opisina.

Nang gabing iyon, iniwasan niya ang tawag ni Chase. Magulung-magulo ang pag-iisip niya dahil sa namagitan sa kanila ni Jake. Nakaramdam siya ng guilt sa mga damdaming ginising nito sa kanya.

CHAPTER THREE

J binaon ni Claudia ang sarili sa kanyang trabaho nang sumunod na mga araw upang maiwasang pag-isipan ang damdaming gumugulo sa kanya. Nang puntahan siya ni Chase sa kanyang opisina upang pag-usapan ang proposal nito at ng kapatid para sa bagong product ng client niya, nag-excuse siya.

“Chase, may meeting ako in a few minutes. Pakiiwan na lang sa sekretarya ko 'yung proposal and I'll discuss it with my client. I'll just call you to confirm a tentative meeting for Friday. Pasensya ka na lang, Sweetheart. Saksakan ng busy ang week ko ngayon,” lambing niya.

Nakangiting tumango ito. “Sure, Honey. Hindi naman ako nagmamadali. How about dinner tonight?” umaasam na tanong nito.

“May tinatapos pa kasi akong report para sa isang bagong kliyente. Can we schedule it on a weekend na lang, Sweetheart?” paiwas na sagot niya.

Napabuntong-hininga ito. “O sige. Pero sa

susunod, pagseselosan ko na ang mga clients mo. Naiinggit ako sa lahat ng attention na ibinibigay mo sa kanila. Baka dapat akong magprisintang kliyente para—”

Hindi niya ito hinayaan makatapos sa sasabihin. “Pangako, Sweetheart, I’ll make it up to you.” Tumingin siya sa kanyang wristwatch. “Pasensya ka na, I really have to go to my meeting.” Mabilis niyang hinalikan sa pisngi ang boyfriend at saka patakbong pumasok ng conference room.

NANG MULING MAGKITA sina Claudia at Jake ay sa araw na ng meeting tungkol sa business proposal ng magkapatid. Kasama nila si Chase at ang kliyente ng dalaga na si Mr. Mori, ang marketing director ng *Popsy Soda Corporation*. Sa dulo ng discussion nila ay malugod na inaprubahan ni Mr. Mori ang endorsement contract ni Jake.

“Claudia, sa laki ng gagastusin ng kompanya namin sa kontrata ni Jake Roxton, I need your assurance that you will personally supervise every aspect of the promotional tour. We can’t afford to have anything go wrong,” anang matanda.

“Don’t worry about it, Mr. Mori. I assure you na tututukan ko ang promotional tour every step

of the way and I'll make sure nothing goes wrong," nakangiting sabi ng dalaga.

"I have to leave you now. May dinner pa kami ng misis ko. Jake, we're very excited about having you endorse our product. Iiwanan ko muna kayo in the capable hands of Claudia. Maybe you should meet over dinner and discuss your schedules for the coming weeks," suggestion nito as he stood to leave. Nagkamayan sina Jake at Mr. Mori.

"I am looking forward to working with your people. I will be available to meet with Miss Hizon tonight. It will be my pleasure to take her to dinner," nanunuksong paghamon ng binata habang palabas sa conference room ang matanda.

"Sige, guys, magkita na lang tayo mamayang gabi at around seven. Tatapusin ko lang ang pag-ayos ng tentative schedules ni... Jake for the next three weeks," paalam ni Claudia sa dalawang binata.

Na-disappoint naman si Chase. "I can't join you tonight, Sweetheart. May taping kami mamayang six at siguradong past midnight na kami matatapos. I'm sorry, Honey," hingi nito paumanhin sa kanya.

Hindi naman niya matago ang pagkamangha na hindi makakasama ang katipan nang gabing yon.

"So I guess it's just you and me tonight,

Beautiful. I'll pick you up at seven." Kinindatan siya ni Jake habang namumula ang kanyang mga pisngi sa nabasang mensahe sa mga mata nito.

SINUNDO NI JAKE si Claudia bago mag-alas-siete nang gabing iyon. They drove along the coastline for about half an hour hanggang nakarating sila sa isang munting marina where about twenty boats and yachts of various shapes and sizes were docked. Festive music filled the air as musicians, dancers and performers celebrated the town's founding.

"Napakaganda at napakasaya ng place na ito. Paano mo natuklasan ito? Hindi ka naman tagarito," usisa ng dalaga.

"This place is privately-owned at kilala ko ang may-ari kasi dito naka-dock ang yacht ko. Kung papayag ka, I'd cook dinner for us then we could go for a midnight sail along the coastline." Palapit nang palapit ang mukha ni Jake hanggang sa halos maglapat ang dibdib niya sa dibdib nito.

Huminga siya nang malalim as the clean, manly scent of his cologne and the sea air filled her senses.

"We're supposed to be discussing business tonight, pero medyo napapansin ko na wala yata sa

trabaho ang isip mo.” Pinilit niyang ipaalala rito at sa sarili na rin na strictly professional ang purpose ng dinner nila.

“How can I keep my mind on business when everytime I look into your eyes, I remember how good it felt to hold you, kiss you and touch you? At wala na akong maisip kundi ipagpatuloy ang nangyari sa atin the other day...” malagom ang tinig na sabi nito, titig na titig sa kanya.

“Jake, please, huwag mong ipaalala ‘yung nangyari sa beach,” pakiusap niya. “Can we stick to business—”

“Sumali muna tayo sa pagsasaya at pagpipista sa mga tao rito. Masyado ka namang seryoso. Get into the spirit of fun! Kaya nga kita dinala dito. Sige na, dance with me.” Hinila siya nito sa gitna kung saan nagsasayawan at nagdiriwang ang mga taga-roon.

Nakisali na rin si Claudia. Tumitili at tumatawa siya habang sila ng binata ay nakikisayaw, nakikilaro, nakikiinom at nakikikain sa iba’t ibang maliliit na tindahan at kainan sa tabi ng marina. Masaya at makuwentong tao si Jake at lubusan siyang nag-enjoy. Very attentive at very protective ito sa kanya despite his festive mood. Hindi nga niya matandaan kung kailan siya huling nag-enjoy nang

ganoon kalabis.

It was nearly midnight when they sat down to talk business.

“In case you’d forgotten, Mr. Jake Roxton, kaya tayo lumabas ngayong gabi ay dahil dapat pag-usapan natin ang mga schedules mo para sa promotional tour ng kliyente ko.” Naglabas siya ng mga papeles. “Dala ko ang mga tentative schedules na kailangan nating pag-usapan.”

Kinuha nito ang mga papeles, tiningnan at binasa ang mga ito. Pagkaraan ng ilang saglit ay tumango ito.

“Payag ako sa proposed schedule mo and whatever other schedules na gusto mo pang idagdag. So, huwag kang mag-alala because we didn’t spend the whole night discussing business matters. See, madali akong kausap. Basta ikaw,” pilyong sabi nito.

“Kailangan ko rin ang bio-data mo at mga photographs noong bata ka pa na maaari naming gamitin sa publicity na gagawin ng advertising agency in support of your promotional tour.”

“Makukuha natin lahat ng mga kailangan mo sa yacht ko. Come... At kung sakaling nagbago ang isip mo, hindi pa huli para mag-midnight sailing tayo,”

kumikislap ang mga matang tugon nito. Ipinulupot nito ang braso sa kanyang baywang at iginiya patungo sa yate.

Inalalayan siya nito paakyat pagdating nila sa pinakamalaki at pinakabagong yacht na naka-dock sa maliit na marina. Bumalik ang matinding kaba ni Claudia tuwing kapiling niya ang lalaking ito. Binuksan ni Jake ang pintong papasok sa master's bedroom and gestured for her to enter.

Natigilan siya, nakaramdam ng biglang kaba at napatingin sa mga mata ng kasama. Natandaan niya ang namagitan sa kanila noong nag-lunch sila sa tabing-dagat. Saglit na nanlambot ang kanyang tuhod.

"Jake, siguro mas mabuti kung iuwi mo na lang ako ngayon. Ipadala mo na lang sa office ko bukas 'yung mga kailangan naming materials for your publicity campaign. Kasi gabing-gabi na at baka... you may need some time to sort through the materials the ad agency requires," pagdadalawang-isip niya.

"Fraidy Cat!" mula sa likuran ay bulong nito sa kanyang tainga.

Umikot siya para harapin ang binata. Dahil nakainom, wala siyang takot at kahihiyang. May sa

demonyong nagbigay ng lakas-loob sa kanyang sagutin ang hamon nito.

“Hindi ako natatakot sa ‘yo. Let me remind you, Mr. Jake Roxton, that the purpose for my being here right now is strictly business. Isa pa, girlfriend ako ng kapatid mo kaya tigilan mo na ‘yang pagse-seduce mo dahil walang effect ‘yan sa akin.”

Matapang na nanghamon ang mga mata niya.

“You’re not in love with Chase, Claudia. And don’t deny you want me...” Hinawakan nito ang baba niya while his other arm encircled her waist. “... as much as I want you,” bulong nito habang palapit nang palapit ang bibig nito sa nanunuksong labi niya.

“Jake, please, gusto ko nang umuwi... ngayon din.”

“Don’t fight it, Claudia. I want you. If you’d just let go, you’d realize that you want me, too,” bulong nito as he pulled her closer.

“I want you to stop, Jake. Please, ayoko... huwag... Don’t touch me, please... huwag kang lalapit...” Bumilis ang paghinga niya at pumikit ang kanyang mga mata.

In panic, tumingin siya sa kaliwa’t kanan para makahanap ng lusot sa kasalukuyang gipit na

napasok niya. Sinubukan niyang humakbang nang paatras, ngunit humigpit lamang ang hawak ni Jake sa kanyang baywang.

Natigil ang anumang pagtutol niya nang angkinin nito ang nagbabaga niyang labi. Saglit siyang nanlaban at inilapat niya ang mga kamay sa dibdib nito para itulak papalayo. Lumalim ang halik ng binata at ginising nito ang pinakamatinding pagkasabik at pangangailangan sa kaloob-looban niya. Isinuko niya ang sarili sa kasarapan at kapusukan. Ipinulupot niya ang kanyang mga braso sa leeg nito habang ang mga daliri ay humahaplos sa buhok nito. Kapwa umaapoy ang kanilang mga katawan sa mapusok na pagnanasa at uhaw na nararamdaman nila para sa isa't isa.

He lifted her up in his arms, their lips still locked in a deep kiss, and moved towards the king-sized bed in the center of the room.

“Do you still want me to stop?” bulong nito na saglit na inilayo ang labi sa kanya habang ibinababa siya sa kama. Nang dumagan ito sa kanya ay inulan siya nito ng mumunting halik sa mukha, tainga at leeg.

“You must. Huwag, Jake... please stop. I don't want you... This is not right. Hindi tama itong

ginagawa natin,” tutol niya, pinipilit labanan ang matinding pagnanasa.

“Don’t fight it, Claudia. Don’t deny you want me,” anito habang patuloy na inuulan ng maririin na halik ang labi, pisngi at leeg ng dalaga. Naglandas pababa ang mainit na bibig nito habang ang mga daliri ay isa-isang tinanggal sa pagkakabutones ang silk blouse niya. Tumambad ang katakam-takam niyang dibdib na natatabingan ng bra na yari sa puntas.

Dahan-dahang itinulak ng mga labi ni Jake ang saplot na iyon hanggang sa lumitaw ang nakatayo niyong nipple. Nilibot ng dila nito ang kaliwang nanunuksong dibdib niya habang hinahaplos ng kamay nito ang kanyang kanang dibdib. Umakong pataas ang kanyang likod nang isubo nito at marahang sinupsop ang nanginginig at katuksu-tuksong kabilugan ng malusog niyang dibdib.

“Jake, huwag... ooohh...” Sa kabila ng pagtutol ay nagpaubaya siya.

“Napakaganda mo, Claudia... nakakabaliw ang kabanguhan mo. I want you so badly... your body feels so soft and smooth...” Malambing na sinasamba nito ang katawan niya.

Pababa nang pababa ang haplos ni Jake sa

nagliliyab na katawan ng dalaga. Namimilipit sa pagnanasa ang kabuuan niya nang makarating ang magaan na mga haplos at halik nito sa maseselang bahagi ng kanyang katawan. Pababa sa tiyan... pababa pa hanggang makaabot sa sentro ng pagkababae niya. She bit her lower lip to keep herself from shouting when he kissed her deeply and loved her most intimate part.

“I want you, Claudia. Aminin mo ... you want me just as much as I want you,” bulong nito habang sinasamba ang kasariwaan ng katawan niya.

Claudia felt his hips thrusting against her, the swelling of his manhood pressing into her. Naglandas ang kamay nito sa pagitan ng mga hita niya. Naalarma siya sa tindi ng pagnanasa nito. Mahigpit niyang ipininid ang kanyang mga hita. Bumalik ang matinding panginingig niya nang ma-realize that she was just as aroused and inflamed as he was.

“Jake... Jake, no... huwag. I can't... Please, isipin mo si Chase. Boyfriend ko ang kapatid mo,” aniyang pilit na nilalabanan ang nararamdaman para sa lalaking ito.

Napatigil ito sa paghalik at paghaplos sa kanya. Bumangon ito at lumakad papuntang pinto.

“Sige, mag-ayos ka na at ihahatid na kita sa inyo.” Madilim ang pagka-green ng mga mata ni Jake nang tingnan siya.

Namutla siya sa ikinilos nito. Dali-dali siyang nag-ayos ng gusot niyang kasuotan at sumunod dito palabas ng bedroom. Pareho silang tahimik nang ihatid siya nito sa kanyang bahay.

Kinaumagahan, inabot ng sekretarya kay Claudia ang isang malaking Manila envelope na naglalaman ng bio-data at mga publicity photographs ni Jake. Masuyo niyang tiningnan ang bawat litrato ng binata habang bumabalik sa kanyang alaala ang mga namagitan sa kanila nang nakaraang gabi.

Napangiti siya, masaya ang pakiramdam na may halong pangungulila.